AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 51**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 51**

Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - "Ang Misyon Upang Makaalis ng Neverland!"

Content Creator: April Grace M. Garcia

**Ang Misyon Upang Makaalis ng Neverland!**

**WRITING PROMPT LESSON 51**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa huling kabanata, ating nakilala si Pete Pan at ang mga Batang Ligaw, ayon sa kanila, kaya ka nilang ibalik sa iyong bahay, basta tutulungan mo sila. Ano kayang klaseng tulong ang kanyang kailangan?

**II.Writing Prompt of the Day**

Nagpasya kang tanggapin ang alok ni Pete at ng mga Ligaw na Batang sina Gabo, Bob, at Pau! Ayon sa kanila kailangan niyo munang pumunta sa kanilang bahay upang pagplanuhan ang gagawin. Nang nagkalindol daw sa iyong mundo'y ito ang sumablay na kanyon ni Kapitan Patalim. Ililigtas sana ni Pete Pan si Ting na isang fairy, ngunit nabigo siya. Ayon kay Pete, siya daw ang solusyon upang ikaw ay makauwi!

Matapos ang iyong plano, napag-alaman mong sa Neverland, sabay-sabay tumitilaok ang mga manok. Ito raw ang hudyat ni Kapitan Patalim para magsyesta. Dito daw kayo papasok sa barko. Ikaw ang aawit ng awiting pampatulog para kay Kapitan Patalim at sila naman ang kukuha kay Ting!

Dumating ang oras na tumilaok ang lahat ng manok. Sumampa kayong lahat sa barko ni Kapitan Patalim. Nag-antay kayo ng ilang minuto hanggang sa makita niyong mahimbing na ang tulog ni Kapitan. Oras na upang iligtas si Ting...

•Ano ang awiting iyong kakantahin upang lalong mahimbing si Kapitan Patalim?
•Saan ikinulong ni Kapitan Patalim si Ting?
•Paano nakuha ni Pete at ng mga Batang Ligaw si Ting?
•Paano kayo nakatakas mula sa barko ni Kapitan Patalim?

**III.Teacher's Message**
Gamitin ang mga tanong sa itaas upang mabuo ang kwento at maligtas si Ting! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Ano kayang susunod na mangyayari? Ating alamin sa susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."